

1



Tumuwid si Adrian mula sa pagkakatalungko at tiningala ang tirik na tirik na araw. Kung hindi siya nagkakamali, base sa posisyon niyon sa langit, magtatanghaling tapat na. Kung magkamali naman siya sa pagtanya ng oras, ang tiyan niya ay hindi. Umaatungal na iyon na parang isang linggo na siyang hindi kumakain.

“Tiyan mo ba ’yun?” tanong ni Bong mula sa tabi niya. Trabahador nila ito sa bukid at isa sa mga kababata niya. Kasalukuyan silang nag-aani ng broccoli sa vegetable farm. “Ayes, ah. Parang may nag-flush ng kubeta sa sikmura mo.”

Hindi niya ito sinagot. Pikon kasi siya kapag gutom. Nagpatuloy lang siya sa pag-ani ng gulay.

“Huwag ka nang umuwi sa inyo,” dagdag ng madaldal niyang kaibigan na naglakad nang paluhod sa lupa para makalapit at maki-share ng basket na lalagyan niya ng mga naani. “Dito ka na lang kumain.”

Malapit lang naman ang bahay nina Adrian pero sampung minutong lakad paakyat ng bundok din iyon mula sa vegetable farm. Hindi pa naman siya nagdala ng sasakyan kanina dahil sinipag siyang maglakad. Baka bigla na lang siyang bumulagta sa daan kung uuwi pa siya.

“Ano’ng ulam?”

“Galing La Union si Mario kahapon. May uwi siyang isda saka talaba!”

Hindi siya mahilig sa talaba pero sige, puwede na iyong isda.

Ang *Hacienda Eleonora* na pagmamay-ari ng pamilya nina Adrian mula pa noong 1800’s ay matatagpuan sa Sitio Dela Fuerza sa Tuba, Benguet. Isa ito sa tatlong magkakadikit na hacienda na bumubuo sa sitio, at ito ang pinakamalaki.

Halu-halong kalamay ang mga negosyo ng mga Llanes. Dahil mataba ang lupa sa hacienda, kung anu-ano ang napapatubo nila roon. At dahil iba-iba rin ang hilig ng mga ninuno niya, iba-iba talaga ang itinanim ng mga ito. May strawberry farm sila at may tanim ding iba pang mga prutas. May vegetable

farm din kung saan nila inaani ang lahat yata ng mga gulay na nabanggit sa *Bahay-Kubo*. Kung kailangan ang gulay na iyon para sa chopsuey o pinakbet, mahahanap iyon sa vegetable farm nila. Nang mamana ng ama ni Adrian ang hacienda, ito na ang nagdagdag ng poultry farm at piggery. At nito lang, nagpagawa ito ng kuwadra ng mga kabayo.

Kung yumaman ang mga Llanes noong unang panahon dahil sa prutas at gulay, naging triple pa ang kayamanan na iyon dahil sa idinagdag na pangkabuhayan ni Don Alejandro Llanes II.

Muling kumalam ang sikhura ni Adrian pero tamang-tama namang dumating na si Glenda na asawa ni Bong. Dala-dala nito ang isang malaking basket ng pagkain. Naparami ang kain niya habang nakikipagkuwentuhan sa mga kasamahan.

Kababata niya ang karamihan sa mga ito, mga kasama niyang gumulong sa putikan noong bata siya, kasabay na lumaki at nagbinata. Naghiwalay lang sila noong college dahil sa malayong lupain ng Laguna nag-aral si Adrian, sa *U.P. Los Baños* kung saan siya kumuha ng Agricultural Engineering, habang karamihan sa mga kaibigan niya ay hindi na nagtuloy sa pag-aaral para maging mga magsasaka.

Nang matapos kumain, nagpatuloy sila sa pag-ani ng gulay hanggang hapon bago siya nagpaalam sa

mga ito.

Papalubog na ang araw nang tinatahak niya ang landas paakyat sa kung saan nakatayo ang mansyon ng mga Llanes. Kulay kahel na ang langit at mas may kagat na ang lamig ng hangin sa kanyang mukha.

Mayamaya ay tumigil siya sa gilid ng daan paakyat sa bahay nila para i-enjoy ang view ng kabundukan. Hindi niya ma-imagine kung paano siya nakatagal nang apat na taon sa kolehiyo na walang ganitong senaryo sa labas ng bintana niya—iyong puro berdeng kabundukan at bukas na kalangitan. Hindi siya makata kaya wala siyang mga salita para ilarawan ang kagandahan ng Benguet. Basta ang alam lang niya ay mahapdi ang kanyang puso sa pagmamahal para sa lugar na sinilangan niya.

Hinintay ni Adrian na tuluyang mawala ang araw sa likod ng bundok at magsimulang dumilim bago siya muling naglakad pauwi.

Nang dumating sa mansyon, doon siya sa laundry room nagpunta para iwan ang marumi niyang sweater, T-shirt at mga sapatos. Magagalit ang mama niya kapag may dala siyang amoy lupa, pawis at araw sa bahay.

Pagkatapos ay pumasok na siya sa mansyon at ngumisi nang makita si Manang Lilia, ang tumatayo nilang mayordoma, na naglalakad pabalik ng kusina.

Dahan-dahan siyang lumapit dito bago ito ginulat. Tumili ang matanda at pinaghahampas siya.

“Ay, Apo! Nagluko kan!”

“Apay madi ka nasanayen?” Bakit hindi ka masanay?

Malakas siyang tumawa habang iniawasan ang mga hampas nito. Bata pa siya ay ganoon na siya sa babae. Kung hindi niya ito inaabatan mula sa ilalim ng mesa, nagtatago siya sa likod ng mga pinto para gulatin ito. Ayon, twenty years later, hindi pa rin nasasanay sa kanya si Manang Lilia.

“Loko-loko ka talaga!” ulit ng matanda na sinusundot siya sa tagiliran.

“Ano’ng ulam, Manang?”

“Sinigang na isda saka inihaw na baboy.” Umismid ito nang makitang nagningning ang mga mata niya. “Bilisan mo! Hinahanap ka na ng mama mo. Umakyat ka na, maligo at magbihis. Mag-toothbrush ka na rin at bihira mong gawin ’yun. Baka hingahan mo ang mama mo, eh mahimatay.”

“Ay si Manang, bumabawi.”

“Apay madi ka nasanayen?” nakangisi nitong tanong bago siya hinampas sa puwet ng tsinelas nito na nagpatakbo sa kanya patungo sa hagdanan paakyat sa kuwarto niya.

Nagmamadali siyang naligo at nagbihis, bago muling bumaba. Excited siyang kumain. Pero pagdaan

niya sa pintuan papunta sa kusina, napahinto siya kasi nakita niyang naroon si Manong Carding, ang katiwala nila sa mga kuwadra ng mga kabayo, at ang anak nitong si Tessa.

Nadama ni Adrian na napuno ng tensyon ang kanyang katawan. Habambuhay na kasi niyang crush ang babae mula nang ilitas siya nito sa mga bully noong limang taong gulang siya.

Mukhang mas bata ito kaysa sa edad nitong twenty-six. Mukha rin itong hindi makabasag-pinggan at puwedeng gumanap kay Mama Mary sa stage play tungkol sa pagkapanganak ni Lord. Ito rin iyong tipong isang libo't isang klaseng hayop ka na lang kung pag-iisipan mo ng masama—gaya na lang ng ginagawa ni Adrian ngayon.

May kaliitan si Tessa at medyo bilugan ang katawan pero maganda ang hubog niyon at malaki ang... hinaharap. Hindi naman sa ipinangangalandakan iyon ng dalaga. Madalas nga itong naka-jacket o nakasuot ng malalaking T-shirts para hindi masyadong halata ang dibdib nito pero ganoon talaga, eh. Pinagpala ito. Mahilig pa naman si Adrian sa boobs. Sinong lalaki ba ang hindi?

At sa maikling panahong nakatayo siya roon, nakaisip na siya ng samu't saring mga gusto niyang gawin sa mga boobs na iyon.

Bastos kang walangya ka!

Pero sa isip lang naman niya iyon. Hindi naman masamang magpantasya saka mangarap, di ba?

Noong bata kasi si Adrian, hindi niya matuluy-tuloy ang kagustuhang manligaw rito. Natakot siya kasi mas matanda ito sa kanya. Si Tessa rin ang pinakamaganda sa hacienda nila kaya lahat yata ng binata sa Sitio Dela Fuerza ay sinubukang manligaw rito, at nabasted.

Kung ang mga mas matanda sa kanya ay nabasted, ano pa kaya ang panama niya? Di na baleng isa siya sa mga tagapagmana ng *Hacienda Eleonora*, wala pa rin namang napapatunayan si Adrian. Bukod sa yaman niya, ano ang puwede niyang ialok kay Tessa na hindi kayang ialok ng ibang lalaki?

Kaya ayon, hanggang ngayon, labimpitong taon matapos niyang unang ma-in love rito, hindi pa rin siya nakakaporma sa dalaga. O kahit sa ibang babae.

Sa edad na twenty-two, hindi pa nagkaka-girlfriend si Adrian. At dahil iyon sa dalagang kasalukuyang nakatingin sa kanya.



Pilit na pinapakalma ni Tessa ang sarili; nanginginig pa rin ang mga kamay niya. Hinila niya pasara ang suot na jacket kasi kahit sa medyo mainit na kusina, parang nanunuot ang lamig sa mga buto

niya.

“Inumin mo muna ’to, Tessa.” Inabot ni Manang Lilia sa kanya ang isang malaki at mainit na tasa ng tsaa bago nito binalingan ang kanyang ama. “Sigurado kang ayaw mo ng kape, Carding?”

“Hindi na. Salamat na lang.”

Sa totoo lang, gusto lang namang hawakan ni Tessa ang tasa. Kahit mainit na tubig lang ang ibigay sa kanya ni Manang Lilia, okay na siya. Hindi naman siya iinom. Gusto lang niyang mainitan.

Napalingon siya sa may pintuan ng kusina at nagtama ang mga mata nila ni Adrian. Kung gusto niyang mainitan, iyon lang pala ang kailangan niya, ang tingin ng binata. Para namang biglang gusto niyang mag-alis ng jacket ngayon.

Hindi niya masasabing close sila. Ang kuya kasi nito ang kaklase niya noong elementary at high school. Lagi siya nitong binabati noong mga bata sila pero alam niyang magiliw lang talaga itong tao.

Cute itong bata noon, chubby at mestiso na mamula-mula ang mga pisngi, nangungusap ang mga mata at laging may ngiti sa mga labi. Bibo ito at halatang anak-mayaman dahil Inglisero, laging may kasamang yaya at limang taon na ay lagi pang may baong gatas na nasa feeding bottle.

Napansin na lang ni Tessa na nagsimula itong

magbinata noong trese anyos ito dahil nagsimula itong tumangkad. Pumayat na ito noon pero naging masyado namang patpatin dahil hindi kaagad nakahabol sa pagtangkad nito ang paglaki ng katawan. Pero ganoon pa rin si Adrian—mabait, magiliw, matulungin at laging nakangiti.

Nang magkolehiyo, bihira na itong umuwi sa Sitio Dela Fuerza kaya madalang na itong makita ni Tessa. Noon na lang ulit isang buwan naging madalas dahil graduate na pala ito at sa hacienda na muling titira.

At nang makita ito ng dalaga sa unang pagkakataon sa pagbabalik sa *Hacienda Eleanora*, muntik na niyang mabitawan ang basket ng inaaning strawberries. Parang nabuhol ang dila niya noon.

Sa wakas ay nakahabol na rin sa tangkad nito ang bigat ng binata. Matipuno na ang katawan ni Adrian at mukhang matigas sa muscles na halata sa suot nitong long sleeve T-shirt at maong. Nag-mature na rin ang mukha nito at hindi na niya makita ang chubby na batang laging may dalang dede noong araw. Pero nanatili ang kislap sa mga mata nito, ang magandang ngiti at ang pagiging mabait at maginoo.

Ngumiti siya rito kahit medyo nangangatal pa ang mga labi niya. Pinagmasdan naman siya ni Adrian na puno ng pag-aalala ang ekspresyon.

“Ad—Senyorito,” tawag ng tatay niya na tumatayo

mula sa tabi niya sa mesa. Sa labas kasi ay Adrian lang ang tawag nila sa binata. Pero rito sa bahay ng mga Llanes, ito ay si Senyorito, kung ayaw nilang mapagalitan ng ama nito. Tamang-tama namang pumasok na rin ng kusina ang mga magulang ng binata. Pati si Tessa ay tumayo na rin.

“*Naimbag nga rabii kada kayo amin,*” magalang na bati ng kanyang ama.

“Magandang gabi rin sa ’yo,” sagot ni Don Alejandro rito bago tumango kay Tessa.

“Pasensya na po sa abala,” sabing muli ni Tatay Carding.

“Hindi nakakaabala ang paglapit sa ’min kung may problema, Carding. Maupo kayo ulit.” Giniya nito ang asawa sa isa sa mga upuan sa mesa bago naupo rin sa kabisera niyon. Naupo si Adrian sa kabilang dulo. “Ano’ng nangyari?”

Sinulyapan siya ng kanyang ama bago muling nilingon si Don Alejandro. Ibinaba ni Tessa sa kandungan ang mga kamay at mahigpit iyong pinaghawak.

“Ito po kasing dalaga ko,” simula ng tatay niya bago siya muling nilingon. “Ikaw na’ng magkwento, Tessa.”

Lumunok siya at tumikhim. “Noong isang buwan po kasi, ipinakilala po ako n’ung isa kong kaibigan

kay Rodney Delfin, 'yun pong anak ni Don Crisano sa kabilang hacienda. Nagkainteres po yata sa 'kin. Tatlong beses ko po siyang nakita tuwing pupunta po ako ng bayan at lagi po niya akong sinusubukang kausapin kahit po lumalayo ako. Noong isang linggo po, inabangan po niya ako sa labas lang ng hacienda n'ung galing po ako sa bayan. Pero kanina po, pagdating ko ng bahay, nand'un na po siya." Nahihiya siyang nag-angat ng mga mata kay Don Alejandro na madilim ang ekspresyon sa mukha. "Hindi ko po alam kung paano niya nalaman kung saan ako nakatira. Hindi ko naman po sinabi sa kanya. Hindi ko rin po alam kung paano siya nakapasok ng hacienda."

Malayo sa kumpulan ng mga bahay ang munting kubo nilang mag-ama. Gusto kasi ng ina ni Tessa, noong nabubuhay pa ito, nang tahimik na lugar. At nang mamatay naman ang ginang, hindi na nagawang iwan pa ng tatay niya ang kubo dahil nga rin sentimental itong tao. Kaya nasa gitna ng maliit na kagubatan ang kubo nila na hindi basta-basta mahahanap ng mga hindi nakakaalam kung nasaan iyon. Kaya hindi niya mawari kung paano nalaman ni Rodney kung saan siya nakatira.

"Masama pong mambintang," dagdag ng kanyang ama. "Pero kasi po hindi ba may bali-balita sa bayan na rapist 'yung Rodney na 'yun?' Yung huli nga pong

nagsumbong sa pulis tungkol sa kanya ay bigla na lang pong naglaho. Ayoko pong sumunod na lang bigla itong dalaga ko.”

“Sino’ng nagsabi sa kanya kung saan ka nakatira?” tanong ni Adrian na may galit sa tinig.

Binalingan niya ang binata at nakitang matalas ang mga mata nito. Umiling si Tessa. “Hindi ko po alam, Senyorito. Saka wala naman po sigurong magtuturo sa kanya ng bahay namin. Alam naman ng lahat ng taga-rito ang reputasyon niya.”

“Kahit na,” sabat ng senyor. “Alam na niya kung saan ang bahay ninyo. Gusto ba n’yong lumipat muna?”

Si Tatay niya ang sumagot. “Kung maaari po sanang ipasok ko si Tessa ng trabaho dito sa mansyon para dito na lang po muna siya tumira.”

Bumuntong-hininga siya. “Tatay, hindi naman kita iiwang mag-isa d’un sa kubo.”

“At hindi puwedeng ikaw ang iwan ko d’un nang mag-isa habang nasa kuwadra ako.” Malumanay ang tinig nito, pasensyoso.

“Sino po ang mag-aalaga sa inyo habang nandito ako?”

“Ganito na lang,” muling sabat ni Don Alejandro. “Pag-usapan muna n’yo ang gusto n’yong hakbang. Tessa, bukas naman ang bahay para sa ’yo. Sigurado ko

namang may trabahong maibibigay sa 'yo si Lilia. Lagi nilang kailangan ng tulong dito sa bahay." Ang ama niya ang hinarap ng lalaki. "Kung dito magtatrabaho si Tessa, may lugar din para sa 'yo rito, Carding. Puwede rin namang dito ka na rin tumira kaysa mag-isa ka d'un sa kubo."

Nanikip ang dibdib ni Tessa sa alok na iyon ni Don Alejandro. Alam nila na mabait talaga ito sa mga tauhan, gayunpaman, na-touch pa rin siya.

"Huwag mo munang tutulan," dagdag nito nang makitang akmang magpoprotesta ang kanyang ama. "Pag-isipan mo muna. Pag-usapan muna ninyo ni Tessa."

Tumango na lang ang kanyang ama. "Sige po. Salamat po."

Hinarap ni Don Alejandro ang bunso nito. "Ipagtanong-tanong mo kung sino ang nagsabi d'yan sa Rodney na 'yan kung saan ang bahay nila. At kung paano nakapasok 'yan dito."

Tiim-bagang na tumango ang binata.

Open naman kasi ang hacienda. May sakop silang highway na daanan papuntang Baguio City at isa sa dalawang waterfalls sa property ng mga Llanes ay bukas sa publiko. Ganoon din ang ilang mga farm lands.

Pero sarado ang pinakaloob ng hacienda kung

saan naroon ang karamihan sa mga taniman, ang mga kuwadra ng kabayo, ang compound kung saan nakatira ang mga trabahador, at ang mansyon ng mga Llanes. Kung nakarating sa bahay nina Tessa ang Rodney na iyon, trespassing ito.

“Salamat po, Don Alejandro, Senyora, Senyorito.”

“Walang anuman,” sagot ng ginoo.

Nang magkapaalaman at lumipat na ang mag-asawa sa komedor para maghapunan, lumapit si Adrian sa kanila. “Ihahatid ko na kayo sa inyo.”

“Naku, huwag na, Senyorito.”

Umiling ito. “Hindi, Manong. Hindi ako matatahimik. Hintayin po ninyo ako. Kukunin ko lang ang susi ng sasakyan.”

Bago pa sila muling makatanggi, tumalikod na ito at iniwan sila sa kusina.

“Naku, Carding,” nag-aalalang sabi ni Manang Lilia. “Kung ako sa ’yo, papayag na akong dito na muna kayo tumira. Mabuti na ’yung sigurado ’kong ligtas at laging may kasama si Tessa kaysa naman maya’t maya akong mag-aalala na baka dinedemonyo na siya n’ung manyak na ’yun.”

“Eh, alam mo namang hindi ko maiwan ang kubo.”

“Ayaw mong iwan ’yung kubo pero ’yung anak mo, puwede?”

“Hindi naman! Kaya nga gusto kong dito siya.”

“Hindi naman mapapanatag ’yan na narito siya at nand’un ka.”

Bumuntong-hininga na lang ang kanyang ama dahil alam nitong may punto ang mayordoma.

Nang bumalik na si Adrian, nagpaalam ito kay Manang Lilia bago sila giniya sa garahe kung saan naroon ang pickup nito. Pinagbukas sila ng lalaki ng pinto at inalalayan pa siya pasakay sa backseat bago ito nagtungo sa driver’s side.

“Sigurado po ba kayong gusto ninyong umuwi?” tanong nito habang nagmamaneho sa mahabang daan patungo sa gate ng mansyon. “S’abi nga po ni Papa, may bakanteng kuwarto naman dito. Puwedeng dito na kayo.”

“Hindi ko kasi talaga maiwan ’yung kubo,” malungkot na saad ng kanyang ama. “Yun na lang kasi ang naiwan sa ’kin ng nanay ni Tessa.”

“Nag-aalala kasi ako. Paano kung bumalik ’yung Rodney na ’yun?”

“May itak naman ako,” biro ni Tatay.

Tumawa na rin si Adrian. “Itabi po ninyo sa pagtulog.”

Nakita niyang sumilip ito sa kanya sa salamin. “Hayaan mo, Tessa. Itatanong natin sa mga tauhan kung sino ang nagsabi sa kanya kung saan ka nakatira.

”Tapos kami na ang bahala ng tatay mo sa kanya. Ihuhulog namin sa bangin.”

Mahina siyang tumawa. “Salamat po, Senyorito.”

Ito naman ang tumawa. “Hindi na tayo maririnig ni Papa, ‘senyorito’ pa rin ang tawag mo sa ‘kin?”

“Pasensya na,” tugon niya. “Senyoritong-senyorito ka kasi kanina sa kusina.”

“Wala ’yun. Nag-aalala lang talaga ako para sa inyo.”

Nagkuwentuhan sila habang binabaybay ng sasakyan ang makipot na daan pabalik sa malaking compound ng mga trabahador ng hacienda. Lalampasan pa nila iyon para makapunta sa kagubatan kung saan naroon ang kubo.

Nang marating nila iyon, bumaba rin si Adrian para ihatid silang mag-ama sa pintuan. Agad na binuksan ni Tessa ang rechargeable lamp na iniwan niya sa ibaba lang ng hagdan paakyat ng kubo nila.

“Salamat ulit, Adrian,” anang tatay niya.

“Wala po ’yun. Kung may kailangan po kayo, huwag po kayong mahiyang magsabi.”

Binalingan siya nito at ngumiti sa kanya. Nag-init ang kanyang mga pisngi sa ngiting iyon.

“*Innakon. Naimbag a rabii*, Tessa.”

“Magandang gabi rin sa ’yo, Adrian.”

Umakyat na ang kanyang ama pero nanatili siya

roon para panoorin ang pag-alis ng binata. Kumaway ito sa kanya bago nagmaneho palayo. Pumasok lamang siya ng bahay nang hindi na niya maaninag ang ilaw ng sasakyan.

Agad siyang nag-lock ng pinto pero nanumbalik ang kaba niya. Bigla niyang nakita kung gaano kadali lang buksan ang pinto nila kahit pa nakakandado iyon, at kung gaano kadaling pasukin ang bahay nilang mag-ama.

Nalungkot si Tessa at nagalit dahil sa unang pagkakataon, nakadama siya ng takot sa loob ng sarili niyang bahay.

